REPUBLIC OF THE PHILIPPINES
PROVINCE OF ORIENTAL MINDORO
MUNICIPALITY OF PINAMALAYAN

# OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN

Telephone No: (043) 284-3417 Email add: vicemayorsoffice@pinamalayan.gov.ph

## ORDINANSA BLG. 06-2018

**KAUTUSANG SINUSUSUGAN ANG SEKSYON III, ORDINANSA BLG. 06-2011 NA MAY PAMAGAT NA: "ORDINANSA NA NAGTATAKDA NG KARAGDAGANG SINGIL O PASAHE SA TRICYCLE NA PUMAPASADA SA BUONG NASASAKUPAN NG BAYAN NG PINAMALAYAN, SILANGANG MINDORO".**

SAPAGKAT, ang Municipal Tricycle Franchising and Regulatory Board (MTFRB) ay nagpasa ng isang Kapasiyahan Blg. 1-2018 na humihiling sa Sangguniang Bayan na muling tingnan at masusing pag-aralan ang kasalukuyan at umiiral na taripa upang makapagpasa ng bagong pamantayan at kautusan na magiging batayan ng MTFRB sa pagtatakda ng panibagong pasahe sa lahat ng ruta ng bayan ng Pinamalayan;

SAPAGKAT, ang pamunuan ng Bahaghari Pinamalayan Oriental Mindoro Federation of Tricycle Operators and Drivers Association, Inc. BPOMFEDTODAI ay nagpasa ng isang kahilingan sa pamamagitan ng isang Kapasiyahan Blg. 1-2018 ng pagtataas ng singil sa pamasahe ng tricycle na pumapasada sa boung Bayan ng Pinamalayan, Oriental Mindoro;

SAPAGKAT, ang mga kadahilanan ng nasabing kahilingan ay ang patuloy na pagtaas ng presyo ng gasolina, pagbintog ng presyo (inflation rate) ng mga pangunahing bilihin sanhi ng Tax Reform Acceleration and Inclusion (TRAIN) Law na pinatutupad ng kasalukuyang administrasyon;

KUNG KAYA'T DAHIL DITO:

IPINASIYA tulad ng dito ay IPINASIYA ng Sangguniang Bayan ng Pinamalayan, Oriental Mindoro na magsulong ng isang Kautusan na sinusugan ang Ordinansa Blg. 06-2011 na may pamagat na: "Ordinansa na nagtatakda ng karagdagang singil o pasahe sa tricycle na pumapasada sa buong nasasakupan ng bayan ng Pinamalayan, Silangang Mindoro.

Ipinag-uutos ng Sangguniang Bayan ng Pinamalayan, Oriental Mindoro na:

**SEKSYON 1. PAMAGAT**: Ang Ordinansang ito ay kikilalanin sa pamagat na "BAGONG TARIPA NG SINGIL SA PASAHE SA TRICYCLE".

**SEKSYON 2. SINUSUGAN**: Isinasaad sa Seksyon III ng Ordinansa Blg. 06-2011, Pagtatakda ng Kaukulang Pasahe, ang pagtatakda ng kaukulang pasahe ay batay sa nasa ibabang datos at basehan sa pagkukwenta ng pasahe:

**A. *BARANGAY ROAD DISTANCE (IN KM.) FROM POBLACION***

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| 1. | *Anoling* | 8.5 | 17. | *Palayan* | 5.00 |
| 2. | *Bacungan* | 9.5 | 18. | *Pambisan Malaki* | 12.5 |
| 3. | *Bangbang* | 11 | 19. | *Pambisan Munti* | 16.50 |
| 4. | *Banilad* | 11.70 | 20. | *Panggulayan* | 4.00 |
| 5. | *Buli* | 11.40 | 21. | *Papandayan* | 5.00 |
| 6. | *Calingag* | 10.50 | 22. | *Pili (Proper)* | 5.90 |
| 7. | *Del Razon* | 6.8 | | **(Bongol/Banilado* | 6.00 |
| 8. | *Guinhawa* | 6.2 | | *(Bongol)* | 7.90 |
| 9. | *Inclanay* | 15.00 | | *(Magdalena)* | 6.9 |

| | | | |
|---|---|---|---|
| 10. Lumambayan | 3.9 | 23. Quinabigan | 6.00 |
| 11. Malaya | 10.30 | 24. Ranzo | 13.70 |
| 12. Maliangcog | 14.00 | 25. Rosario | 7.30 |
| 13. Maningcol | 7.20 | 26. Sabang | 20.70 |
| 14. Marayos | 18.00 | 27. Sta. Isabel (Putting Tubig) | 8.70 |
| 15. Nabuslot | 6.5 | 28. Sta. Maria | 11.00 |
| 16. Pagalagala | 9.70 | 29. Sto.Niño | 7.00 |

**B. COMPUTATION**

| CRUGAP/L Bracket | MULTIPLIER(x) | MF |
|---|---|---|
| 43-49.99 | 1.80 * 3.40 | 8.00 |
| 50 – 56.99 | 2.00 * 3.70 | 9.00 |
| 57 – 63.99 | 2.20 * 4.00 | 10.00 |
| 64 – 70.99 | 2.40 * 4.30 | 11.00 |
| 71 – 77.99 | 2.60 * 4.60 | 12.00 |

**K. FORMULA:** *Total Distance minus Minimum Distance multiply by multiplier plus Minimum Fare equals Total Fare or (TD-MD) * (*) + MF =TF*

**2.1.** Ang mga datos na sususugan ay mula sa CRUGAP/L Bracket na 57-63.99 na may Minimum Fare (MF) na Php10.00, na ito ay magtataas ng halagang Php2.00 at magiging Php12.00 MF.

**2.2.** Ang mga sumusunod na datos mula sa bracket na 57-63.99 ay magtataas ng piso and MF bawat bracket.

**2.3.** Mananatili ang dati o ang naunang FORMULA na nakapaloob sa letra K, Seksyon III ng Ordinansa Blg. 06-2011 na nakasaad sa itaas upang batayan ng kwenta sa bagong pasahe.

**2.4.** Kung ang presyo ng gasolina ay tatama sa mga bracket na 50-56.99 and 43-49.99, mananatili na batayan ang dating FORMULA.

**SEKSYON 3. BAGONG TARIPA:** Ang itinatakdang bagong taripa ng singil sa pamasahe sa tricycle ay ibabatay sa mga datos sa ibaba:

| CRUGAP/L Bracket | MULTIPLIER(x) | MF |
|---|---|---|
| 57 – 63.99 | 2.20 * 4.00 | 12.00 |
| 64 – 70.99 | 2.40 * 4.30 | 13.00 |
| 71 – 77.99 | 2.60 * 4.60 | 14.00 |

**3.1.** Ang MTFRB ang inaatasan na maglabas ng bagong FARE MATRIX na paiiralin sang-ayon sa itinatadhana ng Kautusang ito.

**SEKSYON 4. PAGPAPAWALANG BISANG SUGNAY:** Ang ano mang kautusan, alituntunin, kapasiyahan o iba pang katulad nito na taliwas o salungat sa tinatadhana ng alin mang bahagi o kabuuhan ng kautusang ito ay pinawawalang bisa at ang natitirang mga probisyon ng Ordinansa Blg. 06-2011 na hindi apektado sa pamamagitan nito ay nanatili ang pag-iral at bisa.

**SEKSYON 5. PAGKAKABISA:** Ang Kautusang ito ay magkakabisa matapos na masuri, aprabuhan ng Sangguniang Panlalawigan.

**PINAGTIBAY** ngayong ika- 8 ng Oktobre taong 2018 dito sa Pinamalayan, Oriental Mindoro sa mungkahi ni Kgg. Antonio Victor R. Olympia at pinangalawahan ng lahat ng myembro ng Sangguniang Bayan na dumalo.

**KGG. MA. THERESA H. TESNADO**
Kagawad

**KGG. ARNOLDO M. MADRID**
Kagawad

**KGG. RIO S. MERCENE**
Kagawad

**KGG. JOSEPH T. RODIL**
Kagawad

**KGG. SEVERINO J. NARITO**
Kagawad

**KGG. NAPOLEON M. MANGARING**
Kagawad

**KGG. JEOFFREY PAUL A. UMBAO**
Kagawad

**KGG. LEONARDO L. PEDRAZA**
Kagawad

**KGG. ANTONIO VICTOR R. OLYMPIA**
ABC Pangulo/Kagawad

**KGG. JOVEN S. VELASCO**
SKMF Pangulo./Kagawad

Nagpatotoo:

**ARNEL G. ABRENICA**
Pambayang Kalihim

Pinatutunayang Wasto:

**KGG. RODOLFO M. MAGSINO**
Pangalawang Punong Bayan

Pinagtibay:

**KGG. ARISTEO A. BALDOS, JR.**
Punong Bayan OCT 22 2018